

Chapter One



*C*ause all of my life, I've waited for this day... To find that once in a lifetime, this is it, I'll never be the same. You'll never know what it's taken me to say these words... As far as I can see, there's only you and only me... This is the last time I'll fall in love.

“Tingnan mo nga naman... even the songs are mocking me.” Naililing na hininaan ni Flynn ang volume ng kanyang car radio. The past forty-five minutes of driving from his cold, buzz-filled office in North Avenue had been both boring and restless. He would speed through the rush hour traffic, at times slowing down when he passed either a restaurant or a coffee shop.

Isa ito sa mga bibihirang pagkakataon na wala siyang dinner date o kasamang gumi-gimmick kung saan. He was beginning to get sick, tired, and bored of dating around. Nawawalan na ng appeal sa kanya ang pakikipag-date sa kung kani-kanino, ang pagpunta sa mga parties at events making small talk and superficial conversation with women who either wouldn't even remember his name the next day, or simply wanted him because of his stature.

Being a network executive heading the programming department of a top lifestyle and

music channel, apart from being co-owner of a popular nightstop does have its perks. Ngunit kung susumahin, sa business aspect lamang siguro siya nakikinabang. Sa usaping pampersonal, ayaw man niyang maging jaded ay madalang siyang makatagpo ng mga taong sinsero ang pakikitungo sa kanya. Hindi niya matatawag na snob ang sarili dahil marami siyang mababait at tapat na kaibigan.

Maayos din ang relasyon niya sa kanyang pamilya. He would see his parents, and his elder sister's family once a week to hang out with them. Gusto niya ang kanyang trabaho kahit na kadalasan ay toxic ang workload. He also had pretty much secured his future with numerous investments, insurance and properties. Isa na lang ang kulang—a family of his own.

Alam ni Flynn dati pa na darating ang araw na mag-iisip din siyang bumuo ng sariling pamilya kasama ang babaeng mamahalin niya habambuhay. He'd got to find the one and settle down eventually. He knew that time would come when dating around, having flings and short-term, commitment-free relationships would lose their appeal. Ito na yata iyon.

Hindi niya alam kung paano iyon nag-umpisa. Maaaring dahil iyon sa nasaksihan niyang engagement at eventually ay pagpapakasal ng isa niyang kabarkada noong college. Puwede ring dahil

ang isang business partner niya na mas malupit pa ang pagkababaero sa kanya ay nagdeklarang exclusively dating at permanently committed sa girlfriend nito. Maybe he'd stared at little kids running around the station's daycare center for employees much longer than he should, thinking he could have one of those little versions of him playing in his front yard soon.

Kaya heto siya ngayon. Kasing-ligalig ng approach niya sa pakikipagrelasyon ang itinatakbo ng kanyang isipan. Yes, he's admitting it now—he was lonely... and longing. Longing for that someone he didn't even know yet.

Paliko na siya sa paglampas ng *GMA Network Center* nang mag-ring ang kanyang cellphone. It was a text message from his mother. He pulled over to one side, slowing down as he read the message.

Sinigang na hipon na maraming gulay ang dinner namin, Anak. Should be ready in ten minutes. Ingat sa pagda-drive.

Napangiti siya. Hindi nakakalimot ang kanyang ina. Araw-araw ay may natatanggap siyang ganoon. Somehow, those messages and reminders keep him grounded. Hindi man maganda ang tingin sa kanya dahil sa rami ng mga babaeng kanyang nakarelasyon, wala namang magsasabing isa siyang masamang tao. All thanks to his parents.

Muli siyang tumapak sa gas at nagmaniobra

pabalik sa highway. Alam na niya ngayon kung ano ang gagawin at kung saan siya pupunta.



“Flynn Albert, hindi ko alam kung matutuwa ba talaga ako o ano... but well, this is a surprise. Miyerkules pa lang, ah.” Bahagyang nangungunot ang noo ngunit halata namang natutuwa si Carmela Sales-Mendoza nang salubungin nito ang binata sa sala ng kanilang family house na nasa isang corner lot inside the quiet *Horseshoe Village* in Cubao. May hawak itong face towel at may suot pa ring apron.

Masuyong hinagkan niya sa pisngi ang ina. “Sinundan ko ang amoy ng sinigang na hipon, Ma.” Inakbayan niya ito habang naglalakad sila patungo sa dining area. Nasa kabisera na ang kanyang ama at nakaupo sa wheelchair nito. Tulad ng kanyang ina ay nagulat din ito nang makita siya, ngunit umaliwalas ang mukha.

Alberto Mendoza had slowly regained his posture after having a stroke over a year ago. Bahagya pa lang din itong nakakalakad at mabagal pa ring kumilos. Kaya naman tuwing oras ng pagkain ay tinutulungan pa rin ito ng kanyang mama. Obviously, his parents had already started dinner along with two household staff. Parehong tumayo ang mga ito patungo sa kusina matapos siyang batiin upang marahil ay kumuha ng utensils at extra servings ng kanin at ulam.

Hinalikan din niya ang kanyang ama, at naupo sa kaliwa nito.

“Kumain ka muna bago natin pag-usapan iyang ipinunta mo dito,” mabagal at bahagyang pautal na sabi nito. As always, his father still knew when something’s up.

Tumaas lang ang kilay ni Flynn bago nagsalin sa kanyang pinggan ng kanin at ulam na kalalapag pa lang ng kasambahay na si Loleng. “Thanks, Ate L.” Ngumiti siya rito lalo na nang nakita niya ang dala nitong sawsawan na patis na may kalamansi at sili. Taking in the scent of the food before him, he suddenly felt very hungry.



“Gusto mo bang sa sala na lang ang tsaang dessert natin, Flynn?” ani Carmela habang pinupunasan ang baba at leeg ng asawa nito. Tinanguan niya ang ina bilang sagot sa tanong nito bago tumayo at siya na ang nagtulak sa wheelchair ng ama.

Nang marating nila ang sala at maipuwesto ito sa tabi ng paboritong wing chair ng kanyang ina ay saka siya pumuwesto sa couch. Saktong dumating ang ginang dala ang isang baking dish na may mabangong apple crumble pie kasunod ang isa pa nilang kasambahay na si Mila bitbit ang tray ng tea set.

Hinintay niyang makaalis ang kasambahay bago

magkasunod niyang tiningnan ang mga magulang.
“I want to get married.”

Sabay na napatingin sa kanya ang mga ito. Ang kanyang ina ay napahinto sa paglilipat ng isang slice ng pie sa platito.

“That’s good news.” Unang nakabawi ang kanyang papa. “Who’s the lucky lady?”

Kinuha niya ang platitong may slice ng pie bago sumagot, “Hindi ko pa alam.” He closed his eyes as he bit on the dessert. For some reasons, he remembered eating apple crumble pie with someone, and it’s not a family member. *Hmm... must be one of those dates... but no...*

“Gusto mo nang mag-asawa, pero wala kang girlfriend at wala ka pang nahahanap na gusto mong pakasalan, tama ba?” Carmela took a sip from her tea cup. Tinantya lang nito ang temperature niyon bago nito inilapit ang tasa sa kanyang papa at tinulungan itong makainom.

His heart warmed at the tender moment before him. Buong buhay niya ay saksi siya kung paanong mahalina at alagaan ng kanyang mga magulang ang isa’t isa, habang hindi rin nagkukulang ang mga ito sa responsibilidad sa kanila ng Ate Frances niya.

“I want something like what you two have.” Hindi niya inaasahang masasabi niya iyon, ngunit hindi naman siya nagsisisi. Kaya lang ngayon, tila unti-unting nagsi-sink in kung gaano siya

kalungkot. At kung gaano niya kagustong makilala kung sinuman ang babaeng nakalaan para sa kanya.

Or as his friends would put it, *it's payback time*. He sighed.

Napangiti ang kanyang mama. “O, eh, di nagsawa ka din sa paglilikut mo,” nailing na sabi nito. “Akala ko hindi na darating ang oras na ito, pero masaya akong naisip mo na rin iyan, Anak.”

“Actually, I haven’t really gone out or fooled around as much as I did for the past... six or seven months maybe. Hindi ko alam. Nagsawa na siguro ako.” He took a sip of the hot green tea. “I want permanence, Mama. I want to fall in love, really love and be loved by someone.... nang matagal... nang... habambuhay...” Hindi siya makapaniwalang nasasabi niya iyon. “That’s possible, right?”

Natawa ang kanyang papa. “Of course that’s possible.”

“Wala ka bang minahal sa mga nakarelasyon mo, Anak? Pasensya na, gusto ko mang magbanggit ng pangalan ay wala na akong maalala sa kanila sa dami,” wika ng kanyang ina.

“Naisip ko din iyan, Mama. I guess I loved some of them, but not enough for a lifetime commitment. Looking back, none of them made me want to settle down as much as I want it now. Nakakatawa lang

na kung kailan walang babae sa buhay ko ngayon 'tsaka ko ito nararamdaman." Pumiraso siya sa pie at isinubo iyon. "Ang tawag dito ng mga kaibigan ko, karma."

"I don't think so," kontra ng ina. "Hindi ako sang-ayon sa pagliligalig mo dati sa mga babae, pero ayokong tawaging karma iyan. Siguro hindi lang talaga panahon pa, at hindi sila ang para sa iyo."

"Mama, kailan kaya darating ang para sa akin? Gusto ko na siyang makilala," parang batang ungot ni Flynn.

Natawa muli si Alberto. "Hindi natin masasagot iyan sa ngayon, Anak."

"Kadalasan, madami ka munang pagdadaan bago mo siya makilala, bago mo maramdamang panahon na pala," Carmela added wistfully.

"Now that makes me nervous," he laughed. "And scared."

"Bakit ka matatakot? Hindi ka nga natakot magbilang ng girlfriend." Tumaas ang isang kilay ng kanyang mama. "Dati ay nagmamadali ka at parang mauubusan ng babae kung magpalit ng karelasyon, kaya ngayon huwag mong madaliin ang lahat."

"Yeah..." Napatangu-tango si Flynn. Patience had never been one of his strongest virtues. But he knew now, if it meant having that someone, he would be willing to wait.

“Nakausap mo ba iyong mga babaeng naka-date o nakarelasyon mo? May contact ka pa sa kanila?” tanong ng kanyang papa.

Sabay silang napatingin dito ng kanyang mama. “Not really, Pa. Why?”

“Nakausap mo ba sila nang maayos o nakahingi ka man lang ba ng tawad bago mo hiwalayan ang bawat isa sa kanila?” muling tanong nito.

Umiling siya. “No. Alam naman nila sa umpisa pa lang kung ano lang ang mayroon kami, kung ano sila sa buhay ko. We all just had fun. And most were good while they lasted.”

“That’s heartless, Anak. Kahit sinong babae, gugustuhin ng maayos na hiwalayan. Yung malalaman nila kung ano ang naging tingin mo sa pinagsamahan ninyo at kung bakit ka lalayo. Hindi man nila aminin, inaasahan nila iyon.” Nailing ang mama niya.

Matamang minasdan ni Flynn ang mga magulang. “I don’t exactly sound like the kind of son you brought up well, don’t I?”

“You’re a good person, Anak. Pumalpak ka lang sa mga babae.” His father smiled. “Pero hindi pa naman huli para bumawi.”

“Maybe that’s what you should do, Hijo. Habang naghihintay ka. Take each free time you have to get in touch with those you spent some time with, talk and say sorry or have some sort

of closure. Habang ginagawa mo iyon, alam kong mas malilinawan ka kung ano ba talaga ang gusto mo, kung ano ang dapat mong gawin. Maybe in the process you will meet the one, who knows,” suhestyon ng ginang.

“Mag-umpisa ka sa una mong pinaiyak,” biro ni Alberto.

“Hindi ko na yata maalala, Pa.” Napakamot siya sa ulo.

“Well, then, start with the first one you loved, or at least, you think you loved.” Hinawakan ng ina ang isang kamay niya. “Naaalala mo naman siguro ang first love mo, hindi ba?”

Hindi siya nakasagot. Nakatingin lang si Flynn sa ginang. Dama rin niya ang curious na tingin ng kanyang papa. The smell of hot tea mingled with that of the apple pie. But mostly, it’s the apple pie.

And now, suddenly, he could remember that moment he shared an entire pie with someone, fourteen years ago.



Chapter Two



“Abby, bibili lang ako ng okoy at maruya sa labas. May gusto ka bang ipakisuyo?” tanong ni Toni sa sekretaryang nadaanan niyang nakasalampak na sa sahig at may inaayos sa nakalabas na isang drawer ng filing cabinet.

Kaagad itong tumayo at pinagpag ang pantalon. “Naku, ako na po ang bibili, Ma’am.”

“Ako na!” natatawang sabi niya. “Alam mo namang ito lang ang bisyo ko tuwing hapon kapag kailangan ko ng breather mula sa trabaho. So, ano’ng sa iyo? Turon? Dalawa?”

Nahihiyang tumango ito. “Tig-isang monggo at saging, Ma’am.” Iniabot nito sa kanya ang beinte pesos. “Thank you po.”

Naiiling na kinuha ni Toni ang pera at inilapag iyon sa mesa ni Abby. “Ikaw talaga. Sige na at lalabas na ako. Ikaw muna ang bahala diyan,” wika niya bago lumabas na ng pinto. Binagtas niya ang corridors hanggang sa makarating sa lobby, kung saan ilang estudyante ang bumati sa kanya, hanggang sa tuluyang makalabas ng main building ng *Aplaya Central School*.

She had been principal of the grade school department for the past three years and yet, her

secretary just wouldn't get used to the fact that she loved buying her afternoon snack from the row of street vendors right across the street. Naroon din ang town plaza na katabi ng municipal hall. Sa likod ng plaza ay ang simbahan naman, at sa tabi niyon ay ang private school na *Liceo de Aplaya*.

Ang maliit na kalsada sa pagitan ng municipal hall at town plaza ang ibinigay ng pamahalaang bayan na designated spot para sa mga nagtitinda ng pagkain, na pawang lisensyado ng kanilang health office, kaya walang dapat ipag-alala ang sinuman na bibili roon. Lahat ng nagtitinda ay kakilala at suki niya, simula pa noong magtrabaho siya bilang English teacher hanggang sa ma-promote na department head at tuluyang maging principal ng central school.

Malapit sa puso niya ang mga taong nagtitinda ng merienda sa tabi ng plaza dahil naging source of income din nila iyon ng kanyang pamilya noong nasa high school siya. Nagkaroon kasi ng malubhang sakit noon ang kanyang ama na isang police officer at kinailangan nitong mamahinga nang matagal sa trabaho. Ulila na siya sa ina at ang tanging natitirang kamag-anak ay ang kanyang lola sa ama. Nagtitinda sila noon ng goto at puto tuwing umaga, at sa hapon naman ay ginataang mais o monggo at biko. Sa tabi ng simbahan at sa plaza din ang puwesto nila noon.

Kaya hanggang ngayon, kahit maayos na ang buhay nila at matagal na panahon na silang huminto ng kanyang lola sa pagtitinda, binabalik-balikan ni Toni ang plaza upang bumili ng makakain doon. It was like her tribute to what she and her grandma went through for a few years.

Sa kanang bahagi ng kalsada ang mga stalls o carts, at sa kaliwa ay mga konkretong benches at maliit na parking area. On the street corner right before the row of benches was a huge sign that says *Aplaya Food Walk*, hanging by one of the huge pillars of the municipal compound.

That signage was also somehow significant because seeing it sort of replaced a painful memory she had of that particular street corner. *But anyway...*

On that particular afternoon, though, her smile didn't last long when she saw that sign. Dahil sa bench sa tapat mismo ng pillar na kinalalagyan nito ay may nakatayong isang lalaking hindi niya alam kung bakit pamilyar sa kanya. He was tall, lean and muscular. Medyo mapusyaw rin ang balat nitong bahagyang namumula. Nakasuot ito ng pink and white striped collared shirt, straight cut jeans at sneakers. May suot ding baseball cap. He looked neat and impeccable kahit napaka-casual lang ng suot nito. Mukhang mamahalin din ang mga suot nito. He looked slightly out-of-place and yet, he

also seemed like he's completely at home. Dahil nang mga sandaling iyon ay tila sarap na sarap ito sa kinakaing tupig.

The man was also very good-looking. At kahawig din ng isang lalaking habambuhay na yatang nakaukit sa isip niya ang mukha.

Toni turned her head. Hindi tamang iniisip pa niya hanggang ngayon ang kung sinumang kamukha ng lalaking ito. Dere-derechong nilakad na lang niya ang distansya patungo sa suki niyang bilihan ng maruya at okoy.

“Manang Joy, apat na okoy at anim na maruya,” wika niya sa tinderang nakangiti kaagad sa kanya. Bumaling siya sa katabi nito. “Manong Pido, tig-tatlong turon na saging at monggo.”

“Hindi mo naman siguro kakaining lahat ang mga binili mo, ha, Toni?” natatawang sabi ni Mang Pido na sinimulan nang isalang ang mga in-order niyang turon sa kawali.

“Iuuwi ko mamaya ’yung iba sa bahay. Ibinilin po kasi ng mga oldies doon na hindi makalabas ngayon at mga nirarayuma,” natatawang saad niya.

“Ganoon ba? O, siya, maupo ka muna doon sa tapat at mangangamoy-mantika ’yang damit mo kung hihintayin mo dito,” wika ni Manang Joy.

Nakangiting tinungo ng dalaga ang isang bakanteng bench sa tapat ng mga stalls na binilhan at naupo roon. Nalililiman iyon ng puno ng acacia.

May tatlong upuan lang ang layo niya sa lalaking nakatayo sa tapat ng signage. Ubos na ang kinakain nito. Lumapit ito sa isang stall at bumili ng isang stick ng banana cue at isang bote ng buko juice. Narinig niyang biniro ito ng nagtitinda na mukhang plano nitong subukan ang lahat ng pagkain sa food walk, na tinawanan lang ng lalaki. He had a deep, throaty laugh that sounded really good.

“Kung kakayanin ba ng tiyan ko ngayon, bakit hindi? Pero may continuation tiyak ito bukas, Manong,” wika nito sa tintero ng banana cue.

Even the timbre of his voice sounded oddly familiar. Toni wanted to hit herself for even remembering how the voice of that person from her past sounded like. Ipinako niya ang tingin sa mga nagtitinda. Ngunit sa sulok ng kanyang mga mata ay nakita niyang naupo ang lalaki sa bench na katabi mismo ng kinaupuan niya.

At nakatingin ito sa kanya. “You kind of look familiar, Miss. Have you ever worked for GVS-8 before?” pagkuwa’y tanong nito sa kanya.

Tiningnan niya ang lalaki. “No,” iling niya. “I have never worked outside of this town... ever.”

“Oh...” sabi ng lalaki, na tila wala pang balak putulin ang pakikipag-usap sa kanya. “I know we had a volunteer who’s from around here. Lawyer siya... kahawig mo kasi at akala ko talaga kanina, ikaw iyon. Pasensya na, I was in need of a familiar

face.”

“No worries,” sagot niya bago napaisip. “You must be referring to Via Aguilar. Lawyer iyon at taga-rito nga siya,” wika niya. Kilala niya personally ang babae at marami nga ang nagsasabing magkahawig sila. Marahil ay naroon ito ngayon sa opisina nito sa munisipyo at subsob sa trabaho, but she wouldn’t tell the man that. Mahirap na.

“Oh, right! Via!” Nangingislap ang mga mata nitong nakatingin sa kanya. “Come to think of it, you actually look prettier.”

Itinirik ng dalaga ang kanyang mga mata. Mukhang gumagawa lang ito ng istorya para makipagkilala. Nailing na tumayo na siya at tinungo ang katapat na food stall upang kunin ang mga orders niya. Nakahanda at naka-plastic na ang mga iyon nang kunin niya sa mga nagtitinda. Habang iniaabot niya ang bayad ay naramdaman niyang nakatayo na ang lalaki sa kanyang tabi.

“Oy, Hijo, kukunin mo na ba ang in-order mong mga okay?” tanong dito ni Manang Joy. “At may sukli ka pa sa akin, ha.”

“Iyong mga ipina-reserve mong turon, okay na din, iinitin na lang,” sabi naman ni Mang Pido.

“Mamaya ho nang kaunti bago ako bumalik sa bahay,” wika ng lalaki sa mga ito.

“Uy, oo nga pala, baka puwede kang mag-umpisang tumingin sa school records para

mapadali ang paghahanap mo d'un sa kaibigan mo 'ika mong taga-rito. Ayan si Toni, principal siya sa *Central*."

Napahinto si Toni sa paglakad na sana palayo. Tiningnan niya ang lalaki, na noon ay curious na nakatingin na sa kanya.

"You're a school principal? For real?" tila namamanghang tanong nito.

Tumango siya. "I'm handling the grade school department. That's my school," turo niya sa tapat. Nagpaalam siya sa mga nagtitinda bago sinimulang maglakad. Hindi niya inanyayahang sumama ang lalaki sa kanya ngunit sumabay ito.

"Ni hindi ko alam kung diyan sa *Central* siya nag-grade school, pero ang alam ko, nag-high school siya sa *Liceo*. But I have to start somewhere... She was fourteen when I met her fourteen years ago," anang lalaki. Huminto sila sa gilid ng kalsada at hinintay na tumigil ang mga sasakyan.

Napatingin si Toni rito dahil sa sinabi nitong iyon. Tinitigan niya ang mukha ng kausap. He did look like some Korean actor, with that chiseled features and intense Oriental eyes. He was also beginning to look more like that young man she met when she was fourteen. But it couldn't be!

"Bakit mo ako tinitingnan nang ganyan, Ma'am? Alam kong guwapo ako, pero ingat ka sa akin,

marami na akong pinaiyak,” biro nito, nakangiti ngunit hindi abot sa mga mata. His tone was more self-deprecating than proud.

I’m sure! saloob niya habang tinitingnan ito nang mataman. She could feel her heart beating like mad now, at pinipilit niyang panatilihing kalmado ang sarili. Huminga siya nang malalim bago muling ipinako ang tingin sa daan. Puwede nang tumawid.

Nakasunod sa kanya ang lalaking tila wala munang balak na tantanan siya. Pagdaan sa tapat ng guard ay pinabigyan niya ito ng visitors’s pass bago inabutan ang guwardya ng isang turon. Natutuwang nagpasalamat sa kanya ang huli.

“Medyo magulo ang records namin sa ngayon dahil binaha kami noong last month. Baka bukas pa maasikaso ang pagtingin sa hinahanap mo. Bibigyan na lang kita ng request form at ilagay mo doon ang lahat ng information niya,” pormal na sabi ni Toni habang naglalakad sila patungo sa main building.

“Iyon nga mismo ang dahilan kaya nahihirapan akong hanapin siya. Wala akong masyadong alam tungkol sa kanya. Ang alam ko lang ay December 7 ang birthday niya, na nakatira siya sa Baranggay Sampalok pero n’ung puntahan ko iyon kahapon, wala na ang bahay nila d’on at napalitan na ng tubuhan. Wala rin akong mapagtanungan dahil

mga hindi ko na rin kilala ang mga nakatira doon.” Bumuntong-hininga ito.

Toni could feel her muscles stiffen. Kung kanina ay pinipilit pa niyang itanggi ang katotohanan at papaniwalain ang sarili na nagkakamali lang siya sa iniisip, ngayon ay hindi na niya kayang itanggi pa iyon. This man... he really was the same person she met fourteen years ago!

“Mga trabahador sa tubuhan at maisan na ang karaniwang nakatira ngayon sa Baranggay Sampalok,” sabi niya.

Tumango ito. “Yeah... and you know what’s even funnier? I know all these things about her—that she is very good in Math, that she likes reading... I gave her fifteen books on her fifteenth birthday, na paborito niya ang shrimp sinigang na maraming gulay, mahilig siya sa mga kakanin, na trip niyang manguha ng mga starfish at ihilera iyon sa tabing-dagat hanggang anurin uli ng tubig... na hindi raw niya alam kung ano ang ibig sabihin ng crush hanggang sa makilala niya ako...” he said wistfully, as if recalling a very beautiful memory, as if he was actually back in that moment.

Toni stared at him. Hindi siya makapaniwala sa nakikita at naririnig. Taliwas iyon sa alam at inaasahan niya.

“I know all those things, and yet, hindi ko man lang maalala ang buong pangalan niya. Ang alam

ko lang ay ang nickname niya, na medyo weird pakinggan pero cute naman,” patuloy ng binata. Noon ay nasa lobby na sila ng main building.

She knew this was coming, and yet she could still feel her heart getting caught up in her throat. She breathed hard. “Ano’ng pangalan niya? Baka magka-idea tayo sa full name niya.”

“Mikmik. As in like that powdery milk thing you buy in sari-sari stores. ‘Yung may straw,” nakangiting sagot nito.

Tiningnan niya ang lalaki nang mataman, inalis na ng kausap ang baseball cap nito at ngayon ay kitang-kita na niya ang mukha nitong halos walang ipinagbago sa paglipas ng panahon. Ang nangyari lang siguro ay lalo itong gumuwapo.

It must be true, na marami na itong pinaiyak. She didn’t feel proud of it, but she probably held the distinction of being among the first batch maybe, of those girls whose hearts he broke.

“Kanina pa ako salita nang salita dito, pero ni hindi man lang ako nagpakilala nang maayos.” Inilahad nito ang kamay. “I’m Flynn Mendoza. You’re Miss Toni, right?”

“Toni would be fine.” She quickly shook his hand. The same big, warm hand that held her face and kissed her years and years ago. Sinalubong niya ng tingin ang mga mata nitong ngayon ay matamang nakatingin sa kanya. “Hindi magiging

madaling hanapin ang isang tao base sa kaunting nalalaman mo, Mr. Mendoza.”

“Flynn would be fine, Toni,” wika nito bago lumapit sa kanya. He stood so close she could feel her heart beating wild again. Sa pagkakataong ito ay hindi na iyon dahil sa kaba o excitement o anticipation kundi dahil sa ganoon lang marahil ang epekto sa kanya ng lalaki, mula noon hanggang ngayon.

Lampas isang dekada na ang lumipas, ngunit sa pagbabalik ng lalaking ito sa buhay niya ay tila walang nabago. Flynn Mendoza could still make her feel nervous, excited and giddy the way he did fourteen years ago.

Fourteen years ago, when she was still known as the awkward, wiry girl named *Mikmik*.



Flynn watched as Toni swiftly walked past him when he opened the door for her. He caught a whiff of the lovely scent of her hair, which, under normal circumstances, would have already made him grab her by the waist and kiss her. Funny how in less than a year, he would actually resolve to reform and leave his wild, womanizing ways behind, all because he finally, shamefully admitted to being lonely.

Lonely and longing for permanence... and a real love that would last a lifetime.

Isang buwan matapos ang naging masinsinan nilang pag-uusap ng kanyang mga magulang sa kagustuhan niyang mag-settle down na ay sinunod niya ang payo ng mga ito. Hindi naging madaling makiusap sa kanilang big boss na bigyan siya ng sort of leave. He offered to just work remotely via the Internet and attend meetings via video conferencing. Ilang linggo ring tinapos niya ang mga dapat tapusin, pirmahan ang mga dapat pirmahan at asikasuhin bilang head ng acquisition and syndication department ng isa sa malalaking TV networks ng bansa.

Kahapon ng umaga pa siya nasa Aplaya, at tumutuloy sa ancestral house ng pamilya ng kanyang ina. Kasama niya sa bahay ang mag-asawang katiwala. Wala siyang inaksayang oras simula nang dumating. Kagad siyang nagpunta sa dating bahay ni Mikmik, upang ma-disappoint lang dahil isang malaking tubuhan na ang naroon. Ang buong baranggay ay halos binubuo ng mga housing projects para sa mga nagtatrabaho sa mga tubuhan, maisan, palayan at palaisdaang nagkalat sa buong bayan.

Ayon sa ilang napagtanungan niya, karamihan daw sa mga dati nang residente ay nasa mga subdivisions na, kung hindi man ay lumipat na ng ibang bayan o nag-migrate sa ibang bansa.

And he didn't know a lot. Noong bata pa siya ay

tuwing Christmas break at summer vacation lang siya umuwi sa Aplaya kasama ang mga magulang. He was born and raised in Manila, but his mom made sure he knew his roots as well.

But he hadn't really been back in town for the past ten years. Naging abala siya sa post graduate studies at sa kanyang papausbong na career bilang isa sa mga executives ng isang TV network. He got so caught up in his success, and all that went with it—lots of money, high-profile associations, and all the lovely women he could get.

Masyado siyang naging abala at in-enjoy ang ganoong klase ng buhay na nalimutan na niya ang mga simpleng bagay na lubhang nakapagpasaya sa kanya noong bata siya. Being in Aplaya was one of them. He remembered looking forward to Christmas breaks and summer vacations because he knew he would be back in his mother's hometown. He loved the beach, the food and all the little adventures he had with his cousins. And, during that particular year between being a high school senior and a college freshman, he wished Aplaya was just fifteen minutes away because of that frail, pretty girl with long lustrous black hair and big almond eyes... the girl with the weird name. *Mikmik.*

Matapos manggaling sa dating tinitirahan nito ay pumunta siya sa high school na alam niyang

pinasukan nito, ang *Liceo de Aplaya*. Ngunit ayon sa registrar doon ay mahihirapan silang i-trace ang kanilang records sa ngayon dahil inabot ng matinding baha dala ng bagyong Pepeng noong 2009. He even tried the local registry that morning, ngunit wala rin iyong naitulong sa kanya dahil ni hindi nga siya sigurado kung doon ba talaga ipinanganak si Mikmik. Hindi naman siya mabigyan ng pahintulot na siya mismo ang titingin sa mga records hangga't wala siyang naibibigay na mga kailangang detalye.

Kaya ibinuhos na lang niya ang frustration sa pagtambay sa food walk at in-enjoy ang mga pagkain doon. The vendors were the first group of people who were really friendly, and actually tried to help him with his dilemma. Nangako ang mga itong magtatanung-tanong din. He even stood by that street corner, by that pillar with the bench, because that was where he first met Mikmik fourteen years ago.

That street corner was where he and Mikmik would often agree to meet then, and that's where they were supposed to meet for the last time fourteen years ago. Ngunit nahuli siya nang ilang oras sa usapan at pagdating niya roon, wala na ito. Ni hindi na niya nagawang puntahan pa ang babae sa bahay nito dahil kailangan na nilang bumalik ng Maynila noon dahil maaga ang flight nila patungo

sa Amerika.

“To my office, Mr. Mendoza.”



Chapter Three



Toni's soft, alto voice broke into Flynn's thoughts. Napakurap siya rito. Nangungunot ang noong nakatingin ang principal sa kanya, pati na ang sekretarya marahil nitong may hawak na isang folder at iniaabot sa kanya.

"Right. I'm sorry," wika niya bago nakangiting kinuha ang folder. Sumunod siya sa babae na sinabihan siyang maupo sa kaibayong puwesto nito sa likod ng malaking mahogany table. Inabutan siya nito ng isang ballpen.

"Fill out that form with all the information you could recall about Mikmik. Subukan mong alalahanin," anito, pagkuwa'y bumuntong-hininga. "Iuwi mo na lang siguro ang form na iyan kung kulang ang oras na mayroon tayo dito, ibalik mo sa akin ang form kapag marami ka nang nailagay na puwedeng makatulong sa paghahanap mo."

"Okay, I will try to look for pictures and letters. There must be some of them in the house somewhere..." marahang sabi ni Flynn. Hindi siya sigurado kung saan nailagay ang mga iyon. He knew he kept them in a small box. Sana ay naroon pa rin iyon sa bahay. "Uh, nagtanong pala ako sa registry kung puwedeng ako na mismo ang

tumingin sa records pero hindi puwede, kailangan ko pa daw ng authorization galing sa mayor at mas kompletong detalye. I don't understand, it should be public information.”

Tumaas ang kilay nito. “It is public document, pero kung wala kang maibigay na mahalagang detalye, hindi ka bibigyan ng permiso. Eleksyon na in six months at mahirap nang basta magre-release ng ganoong klase ng impormasyon na puwedeng magamit sa dayaan.”

Now he gets it. How could he be so dense? “Oh... right. But, uh, do you happen to know the mayor?” pagbabakasakali niya. Hindi alam ni Flynn kung bakit ganito ang trato sa kanya ni Toni, na tila hindi siya nito gusto. He admitted to himself that he was pretty lame earlier at the food walk. He couldn't blame her. The woman might be thinking he's a fraud.

Tiningnan siya nang mataman ni Toni. “Yes, in fact, I do know the mayor. Pero hindi kami close. I know someone who's friends with him, though.” Itinuro nito ang folder. “Fill that out first, and we'll see what we can do.”

He looked at her intently. “You really don't believe me, do you? Iniisip mo bang peke ako? Manggagantso? Espiya ng kung anong political party or something?” Kinuha niya ang wallet at inilabas ang mga IDs. “Look, I wouldn't jeopardize

the name of the institution I work for. Here. Totoo ang pangalang ibinigay ko sa iyo at puwede mong i-check. Totoo ring hinahanap ko si Mikmik. Kailangan ko siyang makita at makausap, kung puwede ay sa lalong madaling panahon.”

Hindi nagbago ang ekspresyon sa mukha ng babae. “Well, if that’s the case, then you would have to come up with the necessary details first.”

Flynn looked at the woman. Inaasahan niyang magtatanong ito kung ano ang dahilan at hinahanap nito si Mikmik, ngunit mukhang hindi ito interesado. “Fine. I will try my best. Babalik ako dito bukas. At malamang ay sa ibang araw din. Ikaw pa lang ang kauna-unahang taong nakilala ko dito na puwede talagang makatulong sa paghahanap ko. I will pay you in any way you want in exchange for the help, I will do anything. Please... just don’t shut me out. I really just need to find her.”

Toni simply shrugged, bago tumayo na ito. “All right, Mr. Mendoza. Bahala ka.”



“Good morning, Ma’am.”

Muntik nang mapasigaw si Toni sa gulat. Alas siete ng umaga at kagagaling lang niya ng simbahan bago dumerecho sa *Aplaya Central School*. She was quietly walking that narrow street where the food stalls are. Malamig ang umaga at

noon pa lang nag-uumpisang mag-set up ang ibang nagtitinda. She was enjoying her quiet walk when suddenly, someone greeted her, at muntik na talaga siyang mapasigaw. Napahigpit ang hawak niya sa bag at payong na handa niyang ihampas sa kung sinumang nagsalitang iyon.

She looked to her right and saw that it was Flynn, looking as fresh as the early morning, smiling at her.

She took a deep breath, calming herself. “Good morning, Mr. Mendoza,” wika niya bago nagpatuloy sa paglalakad.

Sumunod lang ito sa kanya at tinabihan habang hinihintay maging pula ang ilaw para makatawid sila. “Flynn na lang, Toni. I was just kidding with the ‘Ma’am’. Napaka-solemn kasi ng hitsura mo habang naglalakad, I couldn’t resist calling you that.”

Dali-daling naglakad lang siya patawid patungo sa main gate ng central school.

“Is it going to be a busy day for you? Can I tag along? Tumambay sa office? Help out with whatever.”

No! Why on earth would you want to do that? Gusto niya iyong sabihin dito, sa halip ang lumabas sa bibig niya ay, “Bahala ka.” Pagdaan niya sa guard ay iminuwestra niyang bigyan muli ng visitor’s pass si Flynn. “Wear that at all times while inside the

school premises. "Yung madaling makita. Huwag mong tatanggalin," sabi niya nang makitang ibubulsa sana nito ang pass.

Nakangising iniipit nito ang clip ng ID sa pagitan ng butones ng polo shirt nito. The card was now stuck right in the middle of his chest. "O, ayan, okay na ba?"

Kunot ang noong tumango lang si Toni. "Good. Follow me."

Nakangiting sumunod naman ito. "Wala ba kayong flag ceremony?"

"Meron pero kapag Monday lang, o kapag may special occasions gaya ng *Linggo ng Wika*, *National Heroes' Day*, gan'un." Dere-derecho siyang naglakad patungo sa main building kung saan nakasabay nilang paakyat ang mga estudyante. Lahat ay bumabati sa kanya... at sa kasama niya.

"Good morning, Principal! Good morning, visitor!"

Flynn happily returned the greetings in a singsong tone. "Good morning, kids!" Sumaludo pa ito sa mga bata na karamihan ay tumatakbo na patungo sa kani-kanyang classrooms. "Ang saya pala dito. Ang daming bata. I can get used to this..."

Tumaas ang kilay ni Toni. "Get used to what? The kids? Wait till they start giving you trouble every hour. May naghahampasan ng libro, may nagsasaksakan ng lapis, may sumisinghot ng eraser

sa dulo ng lapis...”

Natawa ito. “May suminghot ng eraser sa dulo ng lapis? It got stuck on the poor kid’s nose? Cool!”

Napailing siya. “It wasn’t cool at all. I saw it with my own eyes. Sinubukan kong pigilan pero nakita ko na lang, wala na ’yung pambura at umiiyak na ’yung bata. I didn’t know what to do. It was probably a week after I officially became the principal. Stressed pa ako noon.”

He looked at her with interest. Nasa hallway na sila noon patungo sa opisina niya. “So what did you do? To get the tiny eraser out of the kid’s nose? Sinungkit mo?”

She laughed. “No, pero naisip ko din iyon. Iniisip ko na nga kung ano ang puwede kong ipangsunngkit. Then I saw that the sun was high up in the sky and it was cold early that morning. Dinala ko sa tabi ng flagpole ’yung bata at pinaarawan. Within minutes, he was sneezing. And he sneezed the eraser out of his nose.”

Napamaang ito sa kuwento niya. “Astig! I would never have thought of that!”

Ngumiti siya. “Ako din. Sinubukan ko lang, and it worked.” Itinulak niya pabukas ang pinto ng opisina.

“Let me,” he said, nearly bumping her in the process. “Oops, sorry!” nagulat ding sabi nito bago nag-aalalang hinawakan siya sa balikat.

“Huwag na kasing magpaka-gentleman at sablay ka naman,” naiiling na komento ni Toni bago inalis ang kamay nito sa kanyang balikat. Naabutan nilang naroon na sa opisina si Abby at nagbabasa ng dyaryo habang may isang mug ng umuusok pang kape sa harap nito.

“Good morning, Ma’am Toni!” masayang bati nito sa kanya bago takang napatingin kay Flynn. “Good morning, visitor,” nakangiting dugtong nito.

“Flynn na lang,” natatawang sabi ng binata bago sumunod sa kanya hanggang sa opisina.

Tiningnan niya ito. “I really can’t have you hanging around the office the whole day, Flynn. For one, marami akong gagawin. You’re free to roam around the school kung gusto mo, basta huwag ka lang maingay at huwag kang magulo. Huwag ka ring gagawa ng kahit anong maaaring maka-distract sa mga klase.”

He smiled at that. “You think I’m distracting?”

Hindi niya pinansin ang sinabi nitong iyon. She couldn’t believe the man had totally evolved into a shameless flirt! At pati siya, sinusubukan nitong landiin! “No, but you might be.” Naupo siya. “You’re dismissed.”

“What?” nakangiti pa ring sabi nito bago naupo sa kaibayo niyang upuan. “You’re getting rid of me just like that? Come on...” He leaned close. “Alam mo ba kung bakit ang aga kong nakatayo d’un sa

kanto? Dahil doon ko unang nakita si Mikmik. Galing kami noon ng lola ko sa pagsisimbang-gabi, it was the first day at concelebrated mass, kaya inabot ng alas-seis ng umaga. 'Tapos napakuwento pa siya sa mga amiga niyang senior citizens, so I was really bored. But she promised me I can eat all that I want after.

“At ang naamoy ko habang naglalakad kami papunta sa main road, 'yung goto na tinitinda ng isang matanda at ng apo niya sa isang kariton na ginawang maliit na food stall. The old lady was busy serving goto to customers. 'Yung kasama niyang apo, may hawak na malaking bilao ng puto. It looked really good, with all the egg and cheese on top.

“Hindi ko malaman kung ano ang uunahin kong order-in. I was also amazed by that girl. Ang payat niya, mukha pang may-sakit. Pero kayang-kaya niya 'yung malaking bilao. And she also had this certain glow, like she's enjoying what she's doing....”

Toni stared at him. Gusto niya itong patigilin sa pagsasalita, sa pagkukwento. Ayaw na niyang alalahanin iyon. Hindi niya ikinahihiya ang pagtitinda nila ng kanyang lola, pero hangga't maaari ay gusto na niyang kalimutan ang naging kaugnayan ni Flynn doon.

“You don't really have to tell me that, Flynn.”

“But you're helping me find this girl!” wika nito.

“Sa tingin ko, mas mabuting alam mo ang kuwento. Baka kilala mo din sila. Baka may naalala kang nagtitinda ng goto at puto sa kinalalagyan ng food walk ngayon.” Then he eyed her closely. “Ilang taon ka na, Toni?”

“A woman’s age is not any man’s business, Flynn,” sagot niya. Naisip na niya iyon, na-anticipate na niyang magtatanong ang kausap ng kung anong impormasyon sa kanya, upang makakuha rin ito ng clues kung posibleng nakilala rin ba niya si Mikmik at some point. Kaya kinasabwat na niya si Abby at ang mga teachers sa *Central* kahapon pa. Sinabi niyang nagdududa siya sa lalaki kaya kung maaari, huwag magbibigay ang mga ito ng anumang impormasyon tungkol sa kanya. If they really had to, they could give fake details.

Tumaas ang isang kilay ni Flynn. “I don’t think you’re like most women who are ashamed to admit their age. You look quite young, I’d say you’re not even twenty-five. But I’m just guessing from your job since it takes some years of teaching experience before you get to become school principal... maybe you’re twenty-eight or twenty-nine? About the same age as my Mikmik.”

My Mikmik... Toni couldn’t help noticing how he said those words with such fondness. Tiningnan lang niya ang binata bago hinarap na ang kanyang

desktop computer at binuksan iyon.

“May Facebook account ka ba? Twitter? Instagram?” tanong ni Flynn. Inilabas nito ang cellphone. Kakabahan sana siya kung hindi lang niya naalalang naka-set to private ang personal details niya at wala itong mapapala roon.

“Flynn, kung ako sa iyo, sa halip na tumambay dito, gagawa na lang ako ng paraan para makakuha ng detalye tungkol kay Mikmik. You wouldn’t really find her by hanging out at my office.”

He looked at her. “But you are my connection to the world. Lahat halos ng napagtanungan ko dito, sinasabihan akong tumingin sa school records, magtanong sa principal. This is the only other grade school in town, aside from *Liceo*. So wala talaga akong ibang choice.” Napailing ito. “And I thought in small towns, people knew each other. Bakit walang nakakakilala kay Mikmik?”

“I’m sure people know her, if she’s really from here. Mali lang siguro ang mga napagtatanungan mo. I, for one, don’t know who she is. Ang kilala ko lang na pinakamalapit siguro sa Mikmik ang pangalan ay ang best friend ko na si Mikaella, pero Mikee ang nickname niya.”

Nagliwanag bigla ang mukha nito. “Bakit hindi mo sinabi agad iyon? Describe her to me.”

“Maganda, morena, matangkad, athletic, may dimples, long hair...” Kinuha niya ang isang picture

frame na nasa isang console malapit sa kanya. “This is her,” turo niya sa babaeng kasama niya sa picture. Kuha iyon noong huling high school batch reunion nila.

Matamang tiningnan nito ang litrato. “Your friend is beautiful... but she’s not Mikmik.” Tumingin ito sa kanya. “You look prettier without glasses.” Ibinalik nito sa kanya ang picture frame. “Actually, you’re more like Mikmik.”

Toni felt her heart skip a beat. She tried to calm herself and looked straight at him. Matamang tinitingnan siya nito.

Flynn straightened in his seat. “‘Mikmik’ ang name niya dahil maputi siya, para ngang iyong milk powder na *Mikmik*. She was too skinny, palagi ko nga siyang ipinagdadala ng pagkain sa tuwing magkikita kami. Sa tingin ko, mas magiging maganda siya kung magkakalaman. Pero sakitin daw kasi siya at pagod lagi sa pagtitinda at school, kaya hindi siya tumataba. I wonder how she looks like now. I really hope she’s doing well.”

Napabuntong-hininga ang dalaga. “Flynn, malalaman mo iyan kung sa halip na tumatambay dito ay naghahanap ka na lang talaga. So I might help you, pero wala kang ibang detalye maliban sa pangalan niya at ibang impormasyong hindi naman makatulong talaga.”

Tiningnan siya nang mataman ng binata. “I was

thinking that since you know most people here, then you could help.”

Sinalubong niya ang tingin nito. “But I have a job, Flynn. I can only do so much to help you find Mikmik. Kaya ang mabuti pa, kung gusto mong masulit ang panahong ilalagi mo dito sa Aplaya, mas magtiyaga ka sa paghahanap. Without me.” She took a deep breath. “I can ask around, but don’t expect much.”

Tila nanlumo ito sa sinabi niya. Ilang sandaling minasdan siya ni Flynn bago napapabuntong-hiningang inalis nito ang nakaipit na visitor’s pass sa damit nito at iniabot iyon sa kanya. “You’re right. Hindi ako dapat magdepende sa iyo sa paghahanap ko kay Mikmik. Pero sana, kung may panahon ka, kung may pagkakataon, sana ay matulungan mo rin akong hanapin siya.”

“I’ll do what I can,” nasabi na lang ni Toni. “Ibigay mo iyan sa guard kung aalis ka na,” aniya na ang tinutukoy ay ang visitor’s pass.

Malungkot na tumango ito. “Well, thanks for your time.”

Tumango lang din si Toni. “Good luck,” aniya, sabay naupo na. Gusto niyang kilabutan sa inaakto. She knew she’s being rude, but not everyone, especially not Flynn knew what she’s been through years before.

Pinanood niya ang paglabas ng lalaki sa

kanyang opisina. At sa sandaling lumapat ang pinto ay saka lang siya tila nakahinga nang maluwag.

Kasabay ang pag-usal ng panalanging sana ay hindi na ito muling bumalik pa.

